

MGA ABULUY

Ang Blue Care ay binibigyan lamang ng bahaging pondo ng pamahalaan, subalit ang mga gastos sa pagpapatakbo ay mas mahigit pa sa mga pondo na ibinibigay. Kami ay mabigat na umaasa sa mga suporta sa pananalapi o pera ng komunidad.

Paki-padala o magpadala ng mga abuloy sa direksiyong nasa kabila. Ang mga abuloy na \$2 at mahigit pa ay maaaring bawasin sa buwis.

Para sa mga karagdagang impormasyon kung paano mo matutulungan ang Blue Care, tumawag sa 1800 001 953 o makipag-alam o makipagkita sa iyong lokal na Sentro.

MGA TAUHAN NG BLUE CARE

Ang iyong tagapag-ugnay (Coordinator) ay si:

Ang tagapag-ugnay ay gagawa ng palagiang pakikipagtipan upang bumisita at patunayan na ang kliyente ay nasisiyahan sa ibinibigay na pag-aalaga.

Ang mga kliyente na mayroong mga tanong o mga pag-aalaala tungkol sa pag-aalaga sa kanila, kailangan nilang tawagan ang tagapag-ugnay.

Telepono:

Ang bawat pagsisikap ay ginagawa upang masiguro ang pagpapatuloy na pag-aalaga. Ang isang pantahanang tagapag-alaga ay nagbibigay ng pinakamahigit na pag-aalaga at mayroong pangkasalukuyang sertipiko sa First Aid at lisensiya sa pagmamaneho. Sa ilang mga pagkakataon, maaaring sila ay mayroong sertipiko na binigyan ng autoridad sa Pag-aalagang Pangmatanda. (Accredited Certificate in Aged Care).

Makipag-alam o tumawag sa iyong Pangrehiyong Opisina ng Blue Care



Nagtataguyod at nagbibigay ng mahusay at mapagkalingang mga serbisyo sa Pangkomunidad na Kalusugan batay sa mga pagkaawa o pagkahabag ni Kristo.



Punong Opisina ng Blue Care
(Blue Care Head Office)
PO Box 1638, Milton BC Qld 4064
Telepono: (07) 3377 3377

www.bluecare.org.au

Nagpapasalamat ang Blue Care sa tulong na pondo buhat sa Pamahalaang Commonwealth, Pamahalaang Estado ng Queensland, kabilang ang programa ng HACC at iba't ibang Kulturang mga Programa sa Queensland.



**Mabuhay
nang lubos sa
pamamagitan
ng suporta
o tulong na iyong
kailangan**



Ang samahang ito ay binigyan ng autoridad ng may kaugnayang mga ahensiya na nagbibigay ng kapangyarihan o autoridad.

TAGALOG

MGA PARSELA NG BLUE CARE SA PANGKOMUNIDAD NA PAG-AALAGA (BLUE CARE COMMUNITY CARE PACKAGES)

Ang Blue Care ay isang pangunahin at hindi para magtubo na tagapag-bigay ng mga serbisyong pangkomunidad na kalusugan at pantahanang pag-aalaga. Ang aming layunin ay magbigay sa aming mga kliyente ng malawak na hanay ng mga serbisyo upang mapaganda ang uri ng buhay at magawang maayos ang pagsasarili sa buhay.

Ang mga Parsela ng Pangkomunidad na Pag-aalaga (Community Care Packages – CCP) ay tumutulong sa mga kliyente na manatili sa kanilang mga bahay. Sinisiguro nito ang maliit na kaabalaan sa kanilang mga buhay at iniwasan ang wala sa oras na pagpasok sa mababang gradong lugar ng pantahanang pag-aalaga kagaya ng hostel.

MGA SERBISYONG MAKUKUHA

- Pansariling pag-aalaga (paliligo at pagbibihis)
- Paghahanda ng mga pagkain kasama ang espesyal na diyetang mga kailangan
- Magaan na trabahong bahay
- Labada
- Pagsubaybay sa pag-inom ng mga gamot
- Sasakyan o Transportasyon
- Mga gawaing panlipunan
- Pamimili
- Paglapit sa mga tagapagtanggol o tagapagtaguyod



- Paglapit sa mga tauhan ng Magkakaanib na Pangkalusugan (Allied Health) (halimbawa – Physiotherapist, Podiatrist, Occupational Therapist)

Ang mga serbisyo ay nagbibigay konsiderasyon sa uri ng pamumuhay, pinanggalingang kultura at mga pangrelihiyong paniniwala. Maaaring makipag-ayos sa interprete o tagasalin sa wika kung kailangan.

Makipag-alam o tumawag sa iyong lokal na Sentro ng Blue Care upang mapag-usapan ang mga serbisyong makukuha sa iyong lugar.

PAGIGING KARAPAT-DAPAT (ELIGIBILITY)

Ang mga kliyente na humihingi ng tulong sa CCP ay sinusuri ng Pangkat ng Tagapagsuri ng Pag-aalagang Pangmatanda (Aged Care Assessment Team) upang malaman ang pagiging karapat-dapat at kung ano ang kailangang grado ng pag-aalaga. Ito ay pantahanang pagsusuri at maaaring ayusin ng tauhan na Blue Care kung hihilingin.

Dahil sa mataas na bilang ng mga pangangailangan ng Pangkomunidad na Pag-aalaga, ang mga kliyente ay maaaring ilista sa listahan ng mga naghihintay. Kapag ang CCP ay naging bakante, ang kliyente ay tatawagan ng isang tagapag-ugnay (coordinator) upang ipaliwanag ang parselang (package), pagbalik-aralan ang pagsusuri at gumawa ng plano sa pag-aalaga. Ang pag-aalaga ay palagiang pinagbabalik-



aralan upang masiguro na ang pinagkasunduang mga layunin ay nagawa o natupad.

MGA BAYAD (CHARGES)

Kahit na ang CCP ay tinutulungan sa pananalapi o pera ng Pamahalaang Commonwealth, ang mga kliyente ay hinihingan pa rin ng maliit na bayad para sa serbisyo.

Paki-tandaan na ang espesyal na pakikipag-ayos ay maaaring gawin sa mga kalagayang may paghihirap sa pananalapi o pera.

KASAMA SA MGA SERBISYO NG BLUE CARE

- Blue Nursing
- Magkakaanib na Pangkalusugang Pag-aalaga (Allied Health Care)
- Mga Serbisyo sa Pamamahinga (Respite Services)
- Mga Parsela ng Pangkomunidad na Pag-aalaga (Community Care Packages)
- Mga Kagamitan sa Pantahanang Pag-aalaga (Residential Care Facilities)
- Pangrelihiyong Pag-aalaga (Pastoral Care)
- Mga Serbisyo sa Pampaghinhawang Pag-aalaga (Palliative Care Services)
- Mga Serbisyo ng Boluntaryong Suporta (Volunteer Support Services)

Ang mga serbisyo ng Blue Care ay makukuha sa pitong geograpiyang mga rehiyon at sa pamamagitan ng Mga Sentro sa Pangretirong Pamumuhay (Centres for Retirement Living), Wesley Mission, Brisbane at Wesley Mission, Ipswich Region.